



Pagbuo at pagpapanatili sa iyong credit score sa Canada: Isang Gabay mula sa Servus Credit Union

Welcome sa Canada at Servus Credit Union!

Nasasabik kami na makasama ka rito. Gagabayan ka ng dokumento ng impormasyon na ito sa buong proseso ng pagbuo at pagpapanatili sa iyong credit score, at magbibigay ito ng mga tip sa iyo upang mahusay mong mapamahalaan ang iyong credit.

Ang pagbuo ng credit score sa Canada ay nangangailangan ng panahon. Habang nanghihiram at nagbabayad ka ng pera, nabubuo ang iyong “credit score” upang maipalam sa mga nagpapahiram ang iyong pagiging karapat-dapat para sa credit. Ang iyong score ay nag-a-update buwan-buwan batay sa bagong impormasyon at mahalaga sa pag-apply para sa mga pautang, mortgage, cell phone, utility, upa, at higit pa. Kung gayon, saan ka magsisimula? Maraming bagong imigrante sa Canada ang nagsisimulang bumuo ng kanilang credit score sa pamamagitan ng pagkuha ng credit card, tulad ng Mastercard®. Nag-aalok ang Servus Credit Union ng mga Mastercard sa aming mga miyembro. Kapag naaprubahan, darating ang iyong card sa koreo sa loob ng ilang linggo nang may limitasyon, halimbawa, \$1,000. Magagamit mo ito para sa mga pagbili ng tulad ng gas, mga grocery, singil sa telepono, paglalakbay, at higit pa, hanggang sa iyong limitasyon. Ang credit card ay nagsisilbi bilang reusable na utang mula sa bangko.

Narito ang isang halimbawa ng kung paano gumagana ang siklo ng pagsingil para sa credit card ng isang miyembro:

ARAW 1: Naka-activate ang iyong card at maaari itong gamitin para sa mga pagbili, simula sa 30 araw na siklo ng pagsingil.

ARAW 30: Magtatapos ang siklo ng pagsingil, at ipapadala sa iyo ng Credit Union ang singil para sa lahat ng pagbiling ginawa sa panahon ng siklo. Mayroon kang 21 araw para bayaran ang singil bago ka masingil ng interes. Minamarkahan din ng ika-30 araw ang pagsisimula ng susunod na siklo ng pagsingil.

ARAW 51: Ang buong singil para sa unang siklo ng pagsingil ay dapat bayaran. Maaari mo itong bayaran bago ang petsang ito o magtakda ka ng mga awtomatikong pagbabayad sa tulong ng iyong Tagapayo sa Pananalapi.

Nauulit ang siklo ng pagsingil na ito bawat buwan hangga't nasa iyo ang iyong Mastercard. Sa lalong

madaling panahon, malalaman mo kung kailan dapat bayaran ang iyong singil bawat buwan.

Ang pagbabayad ng iyong singil sa Mastercard sa takdang panahon at nang buo ay makakatulong sa iyo sa pagbuo ng iyong credit score at alisin ang mga gastos sa interes. Ang mga hindi kumpletong pagbabayad sa balanseng nasa statement ay magrerresulta sa ilang interes na sisingilin. Kung hindi ka magbabayad ng kahit ng minimum na bayad sa takdang petsa, makakaapekto ito nang negatibo sa iyong credit score. Kasama sa iyong kasunduan sa Mastercard ang lahat ng impormasyon sa halaga ng interes na darating kasama ng iyong card.

Narito ang ilang tip upang matulungan kang mabuo at mapanatili ang iyong credit score:

1. Bayaran ang lahat ng mga singil sa takdang oras at nang buo.

Aalisin nito ang mga gastos sa interes at mapapaganda ang iyong credit score. Tandaan, ang mga pondo ng Mastercard ay hinihiram, kaya laging tiyaking mayroon kang sapat na pondo sa iyong bank account upang mabayaran ang balanse.

2. Laging magbayad ng kahit minimum na bayad.

Kung hindi mo magawang magbayad nang buo, tiyaking mababayaran mo ang minimum na halaga na ipinapakita sa iyong buwanang singil.

3. Huwag mag-apply para sa masyadong mataas na credit score sa isang pagkakataon.

Maaaring makapinsala sa iyong credit score ang maraming aplikasyon sa isang maikling panahon. Karamihan ng mga tao ay nangangailangan lang ng isang credit card, lalo na kapag bago sila sa Canada.

4. Magsimula ng regular na savings plan. Makipag-usap sa iyong Tagapayo sa Pananalapi tungkol sa pagtitipid para sa mga pagbili sa hinaharap, emergency, at iba pang mahalagang kaganapan sa buhay.

5. Suriin ang iyong credit score nang isang beses bawat taon.

Matutulungan ka ng iyong Tagapayo sa Pananalapi na mag-order ng kopya ng iyong credit score at ulat upang matiyak na walang sinuman ang sumubok na gumamit ng iyong pagkakakilanlan. Kung nakakaranas ka ng anumang problema, ang pinakamagandang kurso ng pagkilos ay ang makipag-ugnayan sa iyong Tagapayo sa Pananalapi. Kung mas maaga kang makikipag-ugnayan sa amin sa Servus, mas matutulungan ka namin



1.877.378.8728 | servus.ca